## SO WHAT

- Ano ang kinalaman ng pagiging hindi makasarili sa pag-ibig na mula sa Diyos? Papaano ka ba lalong hindi maging makasarili (Filipos 2:3,4)?
- Ano ang iniuutos ng Salita ng Diyos sa atin na may kinalaman sa pakikipagkapwa? Ano naman ang ginagawa ng kalaswaan at kasamaan sa atin?
- Bakit si Jesus lamang ang totoong pinagmumulan ng pag-ibig na maaasahan? Papaano ka matutulungan ng ganitong uri ng pagmamahal?

## NOW WHAT

- Pumili ng isang tao (kapamilya, kaibigan, o kapwa na iyong inaabot para kay Kristo) na maaari mong pakitaan ng pag-ibig na hindi makasarili sa pamamagitan ng paggawa mo ng kabutihan sa linggong ito.
- Mayroon ka bang hindi magandang ugnayan o pakikikapwa sa buhay? Pag-isipan ang 2 Corinto 6:14 at isabuhay ito.
- Tinanggap mo na ba ang walang-pasubali at maaasahang pag-ibig ni Jesu-Cristo? Kung hindi pa, magsabi sa tagapamuno ng inyong grupo na gabayan ka sa panalangin upang ikaw ay tumanggap.

# PRAYER


- Hingin sa Diyos na mas maging mabunga ka sa Kanyang pag-ibig at hindi maging makasarili.
- Manalangin na magkaroon ng kabanalan at kalinisan sa pang-araw-araw na pamumuhay at pakikipagkapwa.
- Hingin kay Jesus na taglayin mo ang pag-ibig na hindi makasarili upang maibahagi sa iba na wala pang ugnayan sa Kanya.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2014
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 2 **FILIPINO**

# Samson at Delaila




## NOTES

# CONNECT

- Ano ang paborito mong kasabihan pagdating sa pag-ibig noong ikaw ay estudyante pa? Bakit mo paborito ito?
- Anong romantikong palabas sa sine ang hindi mo makakalimutan? Bakit?
- Balikan ang nagawa mong pinaka-romantikong bagay. Para kanino ito? Bakit mo nagawa ito?

**WORD**

*4 Isang araw, nagkagusto si Samson sa isang dalaga na nakatira sa kapatagan ng Sorek. Ang pangalan niya'y Delaila. 5 Pinuntahan ng limang pinuno ng mga Filisteo si Delaila at sinabi, "Kumbinsihin mo siya na ipagtapat sa iyo ang sekreto ng lakas niya at kung paano siya matatalo, para maigapos at mabihag namin siya. Kung magagawa mo ito, ang bawat isa sa amin ay magbibigay sa iyo ng 1,100 pilak."* HUKOM 16:4,5

**WHAT**

Si Samson ay isang tauhan sa Bibliya na may kakaibang lakas ngunit may kahinaan sa ugali lalo na sa pakikipag-relasyon sa babae. Kahit pa may makaDiyos siyang panawagan, pinakasalan niya ang isang Filisteo, nasangkot siya sa masasamang babae, at naakit ng muli sa isang Filisteong si Delaila. Ang kanyang pagkompromiso ay nauwi sa miserable niyang kamatayan. Anong aral ang ating mapupulot sa kwento ni Samson?

## 1 Ang tunay na pag-ibig ay hindi makasarili kundi mapagparaya.

*. . . hindi bastos ang pag-uugali, hindi makasarili, hindi magagalitin, o mapagtanim ng sama ng loob sa kapwa . . .* 1 CORINTO 13:5

Si Samson ay makasarili—hindi lang niya ginawa ang sa palagay niya'y mabuti sa kanya, hindi pa niya pinahalagahan ang panawagan mula sa Diyos, ang kanyang mga magulang, at mga kababayan. Gayunman, itinuturo sa atin ng Salita ng Diyos na ang pag-ibig ay hindi makasarili at inuuna ang iba bago ang sarili. Papaano ba naipapakita ang pagiging makasarili sa ating kapanahunan ngayon? Papaano tayo natutulungan ng pagiging hindi makasarili na makiugnay sa makaDiyos na paraan?

## 2 Ang tunay na pag-ibig ay hindi bumibigay sa kalaswaan at kasamaan.

*. . . hindi natutuwa sa kasamaan, kundi nagagalak sa katotohanan . . .* 1 CORINTO 13:6

*Huwag kayong makiisa sa mga hindi mananampalataya. Sapagkat hindi maaaring magkaisa ang kabutihan at kasamaan, gaya ng liwanag at dilim.* 2 CORINTO 6:14

Nasangkot si Samson sa masasama at malalaswang ugnayan na nagdulot ng kanyang pagbagsak. Inutusan tayo ng Diyos sa Kayang Salita na huwag makipag-ugnayan sa mga walang kabanalan, sa mga namumuhay na hindi nakasuko kay Jesus. Ang tunay na pag-ibig ay hindi umaayon sa kasalanan kundi nagagalak sa katotohanan. Hindi nito kinukompromiso ang ating pag-ibig at pananampalataya sa Diyos. Papaano ka natutulungan ng pag-ibig ng Diyos na tumanggi sa kasalanan?

## 3 Si Jesu-Cristo lamang ang pinanggagalingan ng tunay na pag-ibig.

*Sa ganitong paraan natin nalalaman ang tunay na pag-ibig: ibinigay ni Jesu-Cristo ang kanyang buhay para sa atin. Kaya dapat din nating ialay ang ating buhay para sa ating mga kapatid.* 1 JUAN 3:16

Ang pag-ibig ni Kristo sa atin ay walang pasubali—minahal Niya tayo kahit noong tayo'y makasalanan pa. Ang pag-ibig natin ay sumasablay paminsan-minsan ngunit ang pag-ibig ng Diyos ay maaasahan. Sa makatuwid, kailangan nating tanggapin ang pag-ibig ni Kristo sa ating buhay upang maibahagi natin ito sa ating mga kaanak, mga kaibigan, at iba pang mga tao sa ating paligid. Papaano tayo nahihipo at binabago ng Diyos?